


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 5: Mga Yugto ng Makataong Kilos



**Edukasyon sa Pagpapakatao– Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 5: Mga Yugto ng Makataong Kilos
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyulna ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Denalin D. Amante
Editor:	Annie Rose B. Cayasen
Tagasuri:	Erlinda C. Quinuan
Tagaguhit:	Denalin D. Amante
Tagalapat:	Sharon Rose S. Boguen
Tagapamahala:	May B. Eclar, Benilda M. Daytaca, Carmel F. Meris Rosita C. Agnasi, Edgar H. Madlaing, Rizalyn A. Guznian Sonia D. Dupagan, Vicenta C. Danigos

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon – Cordillera Administrative Region

Office Address: Wangal, La Trinidad, Benguet
Telefax: (074) – 422- 4074
E-mail Address: car@deped.gov.ph

10

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan- Module 5:
Mga Yugto ng Makataong Kilos**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin!

Hangad ng modyul na ito na makatulong upang maging mas malawak ang iyong pag-unawa sa konsepto ng makataong kilos. Bilang isang tao, dapat nating isaalang-alang na ang bawat pasiya at kilos natin ay hindi lang nakakaapekto sa ating sarili kundi pati rin sa ating kapwa at kapaligiran. Mahalagang maunawaan mo na ang tao ay dapat nagpapasiya at kumikilos ng tama at mabuti sa ikauunlad ng sarili maging ang kabutihang panlahat.

Tatalakayin ng aralin na ito ang tungkol sa mga yugto ng makataong kilos. Layunin ng modyul na maipaliwanag ang mga yugto na ito upang makatulong sa pagpapalawak ng iyong kaisipan sa masusing paggamit ng isip, mabuting pagpili at upang maging resposable at mapanagutan sa bawat isasagawang pasiya at kilos. Basahin at intindihin mabuti ang mga nilalaman ng modyul at mga panuto sa mga gawain.

Pagkatapos mong isagawa ang mga gawain sa modyul na ito, inaasahang magawa mo ang mga sumusunod:

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Naipaliliwanag ang bawat yugto ng makataong kilos. **(MELC-7.1)**
2. Natutukoy ang mga kilos at pasiyang nagawa na umaayon sa bawat yugto ng makataong kilos. **(MELC-7.2)**




Tala mula sa Guro

Maging matiyaga sa pagbabasa at pagsagot sa mga gawain ayon sa pagkasunod- sunod ng mga ito. Ang iyong mga sagot ay hindi lang magiging bahagi ng markahan, kundi isang mahalagang pagbabatayan ng iyong pag-unlad.

Aralin

1

Mga Yugto ng Makataong Kilos



Subukin!

A. Panuto: Basahin at intindiing mabuti ang bawat aytem. Isulat ang titik ng napiling sagot sa patlang bago ang numero. (3 puntos; 1 punto bawat aytem)

- _____ 1. Ang kilos na ito ay resulta ng kaalaman, ginagamitan ng isip at kilos-loob kaya't may pananagutan ang tao sa pagsasagawa nito.
- | | |
|-----------------|--------------------|
| a. kilos ng tao | c. pananagutan |
| b. tungkulin | d. makataong kilos |
- _____ 2. Ayon kay _____, may pagkasunod-sunod (sequence) ang pagsasagawa ng makataong kilos.
- | | |
|-------------------------|--------------------|
| a. Sto. Tomas de Aquino | c. Louis de Poissy |
| b. Aristoteles | d. Socrates |
- _____ 3. Kung ang isang tao ay nagsasagawa ng madaliang pagpapasiya, hindi siya nagiging mapanagutan. Ang pangungusap ay;
- | |
|--|
| a. tama, sapagkat nagiging pabaya siya sa anumang kalalabasan nito. |
| b. mali, dahil nabiyayaan ang tao ng sapat na kagalingan upang magpasiya |
| c. mali, dahil normal lang ang pagkakamali |
| d. lahat ng nabanggit |

B. Panuto: Suriin at ihanay ang mga yugto ng makataong kilos (Hanay A) sa mga deskripsyon sa Hanay B. Isulat ang titik ng napiling sagot sa patlang bago ang numero. (12 puntos; 1 puntos bawat aytem)

HANAY A	HANAY B
_____ 1. Pagkaunawa sa layunin	A. Ang pagsang-ayon ng kilos-loob ay magiging isang intensiyon kaya nagkakaroon ang tao ng intensiyon na makuha ang bagay na kanyang ninanais at kung paano ito makakamit.
_____ 2. Nais ng layunin	B. Sa yugto na ito hinuhusgahan ng isip ang posibilidad na maaaring makuha ang ninanais.
_____ 3. Paghuhusga sa nais makamtan	C. Ito ang yugto ng pagsang-ayon ng kilos-loob kung ang nais ng isang tao ay mabuti. Nag-iisip dapat ang tao kung ang ninanais ba ay naaakma o may posibilidad.
_____ 4. Intensiyon ng layunin	D. Ang yugto na ito ay ang pagkaunawa ng tao sa isang bagay na gusto o kanyang ninanais, masama man ito o mabuti.
_____ 5. Masusing pagsusuri ng paraan	A. Sa yugto na ito tinitimbang ng isip ang pinaka-angkop at pinakamabuting paraan.
_____ 6. Paghuhusga sa paraan	B. Pinag-iisipan ng tao ang mga paraan upang makamit ang kanyang layunin.
_____ 7. Praktikal na paghuhusga sa pinili.	C. Ang pagpili ng kilos-loob sa pamamaraan ng pagkamit ng layunin. Dito pumapasok ang malayang pagpapasiya.
_____ 8. Pagpili	D. Tinutukoy ng hakbang na ito ang pagsang-ayon ng kilos loob sa mga posibleng paraan upang makamit ang layunin.
_____ 9. Utos	A. Ito ang pagbibigay ng utos mula sa isip na isagawa kung ano man ang intensiyon.
_____ 10. Paggamit	B. Ang resulta ng ginawang pagpapasya.
_____ 11. Pangkaisipang kakayahan ng layunin	C. Dito ginagamit na ng kilos-loob ang kanyang kapangyarihan sa katawan at sa mga pakultad na taglay ng tao upang isagawa ang kilos.
_____ 12. Bunga	D. Pagsasagawa ng utos ng kilos-loob gamit ang kakayahan ng pisikal na katawan at pakultad na kakanyahan ng tao.



Balikan!

Natatangi ang tao sapagkat pinagkalooban siya ng lahat ng kakayahan at pakultad upang hubugin niya ang kanyang pagkatao. Anu-ano nga ba ang mga salik na nakakaapekto sa pananagutan ng tao sa kalalabasan ng kanyang pasiya at kilos?

Napag-alaman sa Modyul 4 na may mga bagay na maaring makakaapekto sa pananagutan ng tao sa kalalabasan ng kanyang pasiya at kilos: ang kamangmangan, masidhing damdamin, takot, karahasan at pag-uugali. Gayun pa man, **paano nga ba nagiging mapanagutan ang tao sa kanyang pagpapasiya? Anu-ano ang mga proseso sa paggawa ng mabuting pagpapasiya at kilos?** Sa pagsasagawa natin ng tama at mabuting desisyon, bigyan natin ng pansin ang konsepto ng makataong kilos.

Panuto: Basahin at intindiing mabuti ang bawat aytem. Isulat ang titik ng napiling sagot sa patlang bago ang numero. (3 puntos; 1 puntos bawat aytem)

- _____ 1. Ang kilos na ito ay resulta ng kaalaman, ginagamitan ng isip at kilos-loob kaya't may pananagutan ang tao sa pagsasagawa nito.
- | | |
|-----------------|--------------------|
| a. kilos ng tao | c. pananagutan |
| b. tungkulin | d. makataong kilos |
- _____ 2. Ayon kay _____, may pagkasunod-sunod (sequence) ang pagsasagawa ng makataong kilos.
- | | |
|-------------------------|--------------------|
| a. Sto. Tomas de Aquino | c. Louis de Poissy |
| b. Aristoteles | d. Socrates |
- _____ 3. Kung ang isang tao ay nagsasagawa ng madaliang pagpapasiya, hindi siya nagiging mapanagutan. Ang pangungusap ay;
- | |
|--|
| a. tama, sapagkat nagiging pabaya siya sa anumang kalalabasan nito. |
| b. mali, dahil nabiyayaan ang tao ng sapat na kagalingan upang magpasiya |
| c. mali, dahil normal lang ang pagkakamali |
| d. lahat ng nabanggit |




Tuklasin!

Gawain 1: Pagsasanay

Panuto: Basahin ang sitwasyon sa ibaba at lagyan ng bilang ng mga kahon ayon sa tamang pagkasunod-sunod nito (1-12). Gumuhit rin ng linya na patungo sa susunod na yugto. (9 puntos; 1 puntos bawat aytem)

Sitwasyon: Niyaya ng barkada si Pepito sa kanilang jamming. Gustong-gusto niya na pumunta kaya lang, ang araw na ito ay may pasok sa paaralan. Batid rin ni Pepito na magkakaroon ng dalawang pagsusulit sa magkaibang asignatura sa araw na ito. Sa pagsasagawa ni Pepito ng pasiya at kilos, ano dapat ang una niyang gagawin?



Isang malaking hamon para sa tao na gamitin ang kanyang natatanging kakayahan upang siya ay magpakatao. Bahagi nito ang pagsasagawa niya ng pasiya at kilos sa pang-araw-araw na pamumuhay. **Paano nga ba tayo makakagawa ng isang mabuting pagpapasiya? Anu-ano ang mga yugto ng makataong kilos?**



Suriin!





Isinasaad sa modyul ng ESP 10 (2015) na ang makataong kilos (human act) ay kilos na isinagawa ng tao nang may kaalaman, malaya at kusa. Ang kilos na ito ay resulta ng kaalaman, ginagamitan ng isip at kilos-loob kaya't may pananagutan ang tao sa pagsasagawa nito. Sinadya at kinusa ang kilos na ito sapagkat isinagawa ito ng tao sa panahon na siya ay responsable, alam niya ang kanyang ginagawa at ninais niyang gawin ang kilos na ito.









Maraming bagay sa buhay ang kinakailangan ng maingat na pagtitimbang sa kung ano ang dapat piliin at kung anong kilos ang dapat gawin. Mahalaga na makita mo kung ang pipiliin mo ba ay nakabatay sa makataong kilos.

Ayon kay Sto. Tomas de Aquino, may pagkasunod-sunod (sequence) ang pagsasagawa ng makataong kilos. Kung ang isang tao ay nagsasagawa ng madaliang pagpapasiya, hindi siya nagiging mapanagutan; bagkus nagiging pabaya siya sa anumang kalalabasan nito. Ngunit kung daraan siya sa mga yugtong ito, tiyak na magiging mabuti ang kalalabasan ng isasagawang kilos.

12 na Yugto ng Makataong Kilos

(Sto. Tomas de Aquino)

	<p>1. Pagkaunawa sa layunin (<i>simple apprehension of the good</i>)</p> <ul style="list-style-type: none"> - ang pagkaunawa ng tao sa isang bagay na gusto o kanyang ninanais, masama man ito o mabuti. 		<p>2. Nais ng layunin (<i>a simple volition to acquire it</i>)</p> <ul style="list-style-type: none"> - pagsang-ayon ng kilos-loob kung ang nais ng isang tao ay mabuti. Nag-iisip dapat ang tao kung ang ninanais ba ay naaakma o may posibilidad.
	<p>3. Paghuhusga sa nais makamtan (<i>a judgement that the good is possible</i>)</p> <ul style="list-style-type: none"> - sa yugto na ito hinuhusgahan ng isip ang posibilidad na maaaring makuha o makamit ang ninanais. 		<p>4. Intensiyon ng layunin (<i>an intention to achieve the object</i>)</p> <ul style="list-style-type: none"> - ang pagsang-ayon ng kilos-loob ay magiging isang intensiyon kaya nagkakaroon ang tao ng intensiyon na makuha ang bagay na kanyang ninanais at kung paano ito makakamit.

 <p>Paano ko kaya ito magagawa? Paano ko kaya ito makukuhâ?</p>	<p>5. Masusing pagsusuri ng paraan (an examination of these means) - pinag-iisipan at sinusuri ng tao ang mga paraan upang makamit ang kanyang layunin.</p>	 <p>oo...pwede ang paraan na ito... Hmm...ito naman, hindi maaari...</p>	<p>6. Paghuhusga ng paraan (consent of the will to these means) - ang pagsang-ayon ng kilos-loob sa mga posibleng paraan upang makamit ang layunin.</p>
 <p>sige...timbangin natin ng mabuti...</p>	<p>7. Praktikal na paghuhusga sa pinili (Deliberation of the fittest means) - sa yugto na ito tinitimbang ng isip ang pinaka-angkop at pinakamabuting paraan.</p>	 <p>sa tingin ko... ito ang pinakamainam na paraan...</p>	<p>8. Pagpili (a choice of these means) - ang pagpili ng kilos-loob sa pamamaraan upang makamit ang layunin. Dito pumapasok ang malayang pagpapasiya.</p>
 <p>...ito ang gagawin, una... ikalawa... ikatlo...</p>	<p>9. Utos (Command: the ordering of the act) - ang pagbibigay ng utos mula sa isip na isagawa kung ano man ang intensiyon.</p>	 <p>sige... ihanda ang sarili... kailangang maging maingat...</p>	<p>10. Paggamit (Active execution or performance) - dito ginagamit na ng kilos-loob ang kanyang kapangyarihan sa katawan at sa mga pakultad na taglay ng tao upang isagawa ang kilos.</p>
 <p>go! go! go! Ooppss... tapos na...!</p>	<p>11. Pangkaisipang kakayahan ng layunin (the exercise of these faculties or powers) - pagsasagawa sa utos ng kilos-loob gamit ang kakayahan ng pisikal na katawan at pakultad na kakanyahan ng tao.</p>	 <p>*yeheey!!!*</p>	<p>12. Bunga (delectation of the will; satisfaction with achieving the end) - kaluguran ng kilos-loob sa pagtatapos ng kilos. Ito ang resulta ng ginawang pagpapasya.</p>

Ayon parin kay Santo Tomas de Aquino, kung ang ninanais o intensiyon natin ay simple lang at nakukuha ito sa isang paraan lang, nagiging simple rin lang ang proseso at limitado ito sa 3,4,9,10,11 at 12 na yugto. Halimbawa, ikaw ay nauuhaw (3), gusto mo na uminom ng tubig (4), at nagpasiya ka na uminom (9), sa pamamagitan ng pag-uutos ng kilos loob na pagalawin ang iyong kamay (10) na lagyan ng tubig ang baso at uminom ka dito (11). Ang kilos ay nagtatapos sa pagkapawi ng uhaw sapagkat nakainom ka na ng tubig (12).

Mas nagiging komplikado ang proseso kung mas mahirap makamit ang ninanais, kung mas maraming pagpipilian at sa mas komplikadong sitwasyon. Suriin ang susunod na gawain.



Pagyamanin!

Gawain 2: Pagsusuri at Paghahanay

Panuto: Sikaping suriin at ihanay ang mga yugto ng makataong kilos sa mga hakbang na isinagawa sa sitwasyon. Isulat ang titik ng napiling sagot sa patlang bago ang bilang. Sa aytem 1-6, piliin ang sagot mula sa A-F at sa G-L naman pipiliin ang sagot sa 7-12. (8 puntos; 1 puntos bawat aytem).

Sitwasyon: Nakita ni Pepito ang *laptop* habang namamasyal siya sa *mall*. Binusisi niya ang *laptop* at nagustuhan niya ito.

HANAY A	HANAY B
D 1. <i>Pagkaunawa sa layunin</i>	A. Naisip din ni Pepito na kung gugustuhin niya ang <i>laptop</i> ay posible namang makamit niya ito.
___ 2. <i>Nais ng layunin.</i>	B. Mula sa paghahangad lang ay naging intensiyon ni Pepito ang pagkakaroon niya ng <i>laptop</i> .
___ 3. <i>Paghuusga sa nais makamtan</i>	C. Ang pagsusuri ng paraan na kaniyang gagawin ay nagpapatuloy at sinasang-ayunan ng kanyang kalooban ang mga nasabing pagpipilian.
___ 4. <i>Intensiyon ng layunin</i>	D. Matagal na niyang nais magkaroon ng <i>laptop</i> sapagkat malaki ang maitutulong nito sa kanyang pag-aaral.
___ 5. <i>Masusing pagsusuri ng paraan</i>	E. Mayroon siyang pera ngunit iniipon niya iyon para sa kaniyang pag-aaral sa sa susunod na pasukan. Pumasok rin sa kanyang isip na pwede naman niya itong nakawin o mangugutang sa kaibigan ng pambili rito o kaya naman ay hihingi sa magulang.

- C** 6. *Paghu-husga sa paraan* F. Nagmumuni-muni si Pepito kung nakakabuti ba ang pagkakaroon niya ng *laptop*.
- ___ 7. *Praktikal na paghuhusga sa pinili.* G. Ngayon ay huhusgahan na niya kung alin ang pinakamabuting paraan. Dito pumapasok ang malayang pagpapasiya. Nawari ni Pepito na bibilhin ang nasabing *laptop* gamit ang kanyang ipon.
- G** 8. *Pagpili* H. Walang pag-aalinlangan ang kanyang kalooban na ilabas ang kanyang naipon na pera at binilang ito.
- ___ 9. *Utos* I. Masaya si Pepito sa pagkakaroon ng *laptop* sa pamamagitan ng kanyang sariling ipon. Ngunit, kinakailangang magsumikap ulit ito na mag-impok para may gagamitin sa susunod na pasukan.
- H** 10. *Paggamit* J. Binili ni Pepito ang *laptop* gamit ang kanyang naipon na pera.
- ___ 11. *Pangka-isipang kakayahan ng layunin* K. Pinapalagay na ni Pepito sa kanyang isip ang kanyang gagawin sa katulad ng pagbibilang sa kanyang ipon, pagpipirma at pagtatago sa resibo etc.
- ___ 12. *Bunga* L. Ang isip ay kasalukuyang pumipili ng pinakamabuting paraan. Kung gagamitin niya ang kanyang ipon, kailangang magdoble- kayod at magsimula ulit siya na mag-ipon para sa susunod na pasukan. Kung nanakawin din niya ay baka mahuhuli rin siya, at mapapagalitan ito kung hihingi siya sa kanyang magulang ng pambili ng *laptop*.



Tala mula sa Guro

Iwasto ang iyong mga sagot. Tignan ang tamang kasagutan sa Susi ng Pagwawasto.

Gawain 3: Pag-iintindi at Pagpapaliwanag

Maaaring hindi tayo palaging may kamalayan sa mga yugtong ng makataong kilos o sa pagkasunod-sunod nito, ngunit mahalaga na malaman ang bawat yugto upang maging gabay sa bawat kilos sa araw-araw na buhay. Kinakailangang pag-aralang mabuti at timbangin ang bawat panig ng mga bagay- bagay upang makita kung alin ang mas makabubuti dahil dito nakasalalay ang anumang maaaring kahihinatnan nito.

Panuto: Ayon sa iyong pagkakaintindi, ipaliwanag ang mga yugto ng makataong kilos bilang 2-5 at 7-11. (18 puntos)

Batayan ng pagbibigay ng puntos	
2 puntos	1 puntos
Naaakma ang paliwanag ayon sa konsepto ng bawat yugto at sinagot ang aytem gamit ang pangungusap.	Hindi masyadong naipaliwanag ang konsepto ng yugto at hindi kumpleto ang diwa ng pangungusap.

1. Pagkaunawa sa layunin (simple apprehension of the good)

Ang yugtong ito ay ang pagkakaroon ng tao ng pagkaunawa sa isang bagay na kanyang ninanais.

2. Nais ng layunin. (a simple volition to acquire it)

3. Paghuhusga sa nais makamtan (a judgement that the good is possible)

4. Intensiyon ng layunin (an intention to achieve the object)

5. Masusing pagsusuri ng paraan (an examination of these means)

6. Paghuhusga sa paraan (consent of the will to these means)
Sa yugto na ito nagbibigay ng pagsang-ayon o hindi pagsang-ayon ng kilos-loob sa mga posibleng paraan upang makamit ang ninanais.

7. Praktikal na paghuhusga sa pinili. (Deliberation of the fittest means)

8. Pagpili (a choice of these means)

9. Utos (Command: the ordering of the act)

10. Paggamit (Active execution or performance)

11. Pangkaisipang kakayahan ng layunin (the exercise of these faculties or powers)

12. Bunga (delectation of the will; satisfaction with achieving the end)

**Nagkakaroon ng kasiyahan sa sarili sa pagtatapos ng kilos o gawain.
Ito ang resulta ng ginawang pagpapasya.**

Gawain 4: Pag-iisip at Pag-uugnay

Panuto: Mag-isip ka ng isang karanasan sa iyong buhay na gumawa ka ng pagpapasiya na dumaan sa mga yugto ng makataong kilos. (12 puntos; 1 punto bawat aytem)

1. Pagkaunawa sa layunin	<i>Hal: Nais kong layuan ang mga dati kong kabarkada na mahilig lumiban sa klase</i>
2. Nais ng layunin.	<i>Hal: Alam ko na ayon sa aking kalooban ay tama ito.</i>
3. Paghuhusga sa nais makamtan	
4. Intensiyon ng layunin	
5. Masusing pagsusuri ng paraan	
6. Paghuhusga sa paraan	
7. Praktikal na paghuhusga sa pinili.	
8. Pagpili	
9. Utos	
10. Paggamit	
11. Pangkaisipang kakayahan ng layunin	
12. Bunga	



Isaisip!

Gawain 5: Paglalahat

Panuto: Bilang paglalahat, kompletuhin ang pangungusap at mga bilang ng bawat aytem (1-12) ayon sa tamang pagkasunod-sunod nito.

A. Ang Makataong kilos (human act) ay kilos na _____

B. **12 na Yugto ng Makataong Kilos** (Sto Tomas de Aquino)

1	Pagkaunawa sa layunin (simple apprehension of the good)
	Paghuhusga sa paraan (consent of the will to these means)
	Paggamit (Active execution or performance)
	Praktikal na paghuhusga sa pinili (Deliberation of the fittest means)
3	Paghuhusga sa nais makamtan (a judgement that the good is possible)
	Nais ng layunin (a simple volition to acquire it)
	Pagpili (a choice of these means)
	Intension ng layunin (an intention to achieve the object)
5	Masusing pagsusuri ng paraan (an examination of these means)
	Utos (Command: the ordering of the act)
	Bunga (delectation of the will; satisfaction with achieving the end)
11	Pangkaisipang kakayahan ng layunin (the exercise of these faculties or powers)

C. Kinakailangang pag-aralang mabuti at timbangin ang bawat panig ng mga bagay-bagay upang _____



Tala mula sa Guro

Sa A at C, 2 puntos bawat aytem; 2 puntos kung naaakma ang sagot ayon sa konsepto ng aralin, at kakikitaan ng diwa at kahulugan; 1 puntos kung hindi masyadong naipaliwanag ang konsepto at kung hindi kumpleto ang diwa ng pangungusap. Sa aytem B, 1 puntos bawat aytem.



Isagawa!

Gawain 6: Ang Pagpapasiya

Panuto: Kung sa nakaraang gawain ay naglahad ka ng isang karanasan na dumaansa mga yugto ng makataong kilos, ngayon naman ay mag-isip ka ng isang bagay na gusto mong makuha/nais mong gawin na pinag-iisipan o pinagpapasyahan mo pa lamang.

1. Pagkaunawa sa layunin	<i>Magbigay ng isang bagay na gusto mo o nais mong gawin. (Halimbawa: Nais kong kausapin si Mama tungkol sa madalas ng pag-inom ng alak ng aking kapatid.)</i> Sagot:
2. Nais ng layunin.	<i>Naayon ba ito sa iyong kalooban dahil ito ay mabuti? (Halimbawa: Oo.)</i> Sagot:
3. Paghuhusga sa nais makamantan	<i>May posibilidad ba na mangyari ang gusto mo? (Halimbawa: Oo.)</i> Sagot:
4. Intensiyon ng layunin	<i>Gusto mo ba talaga ito? Nais mo ba talaga itong mangyari?</i> Sagot:
5. Masusing pagsusuri ng araan	<i>Paano mo ito magagawa/ paano mo ito makukuha?</i> Sagot:
6. Paghuhusga sa paraan	<i>Sinasang-ayunan ba ng iyong kalooban ang mga paraan na iyong iniisip? Ano ang paraan na hindi tinatanggap ng iyong kalooban sapagkat alam nito na mali ang paraan na ito?</i> Sagot:

7. Praktikal na paghuhusga sa pinili.	<i>Batay sa iyong masusing pag-iisip, ano ang mga pros at cons (advantage & disadvantage) ng mga iniisip mong paraan?</i> Sagot:
8. Pagpili	<i>Ano ang napili mong gawin na hindi tinututulan ng iyong isip at kalooban?</i> Sagot:



Tayahin!

A. Panuto: Basahin at intindihing mabuti ang bawat aytem. Isulat ang titik ng napiling sagot sa patlang bago ang numero. (3 puntos; 1 puntos bawat aytem)

_____ 1. Ang ideya ng mga 12 na yugto ng makataong kilos ay mula sa aral ni:

- | | |
|-------------------|-------------------------|
| a. Rene Descartes | c. Plato |
| b. Aristoteles | d. Sto. Tomas de Aquino |

_____ 2. Ang kilos na ito ay resulta ng kaalaman, ginagamitan ng isip at kilos-loob kaya't may pananagutan ang tao sa pagsasagawa nito.

- | | |
|--------------------|-----------------|
| a. makataong-kilos | c. pananagutan |
| b. tungkulin | d. kilos ng tao |

_____ 3. Ang malayang pagpili ay nasa _____ na yugto ng makataong kilos.

- ikaanim
- ikawalo
- ikaapat
- ikalima

B. Panuto: Suriin at ihanay ang mga yugto ng makataong kilos (Hanay A) sa mga description sa Hanay B. Isulat ang titik ng napiling sagot sa patlang bago ang bilang. Sa aytem 1-6, piliin ang sagot mula sa A-F at sa G-L naman pipiliin ang sagot sa 7-12. (12 puntos; 1 puntos bawat aytem)

HANAY A	HANAY B
_____ 1. Pagkaunawa sa layunin	A. Ang pagsang-ayon ng kilos-loob ay magiging isang intension kaya nagkakaroon ang tao ng intension na makuha ang bagay na kanyang ninanais at kung paano ito makakamit.
_____ 2. Nais ng layunin.	B. Sa yugto na ito hinuhusgahan ng isip ang posibilidad na maaaring makuha ang ninanais.
_____ 3. Paghuhusga sa nais makamtan	C. Pinag-iisipan ng tao ang mga paraan upang makamit ang kanyang layunin
_____ 4. Intensiyon ng layunin	D. Ito ang yugto ng pagsang-ayon ng kilos-loob kung ang nais ng isang tao ay mabuti. Nag-iisip dapat ang tao kung ang ninanais ba ay naaakma o may posibilidad.
_____ 5. Masusing pagsusuri ng paraan	E. Tinutukoy ng hakbang na ito ang pagsang-ayon ng kilos loob sa mga posibleng paraan na upang makamit ang kayunin.
_____ 6. Paghuhusga sa paraan	F. Ang yugto na ito ay ang pagkaunawa ng tao sa isang bagay na gusto o kanyang ninanais, masama man ito o mabuti.
_____ 7. Praktikal na paghuhusga sa pinili.	G. Ang pagpili ng kilos-loob sa pamamaraan ng pagkamit ng layunin. Dito pumapasok ang malayang pagpapasiya.
_____ 8. Pagpili	H. Sa yugto na ito tinitimbang ng isip ang pinaka-angkop at pinakamabuting paraan.
_____ 9. Utos	I. Sa yugto na ito ang pagbibigay ng utos mula sa isip na isagawa kung ano man ang intensiyon
_____ 10. Paggamit	J. Pagsasagawa ng utos ng kilos-loob gamit ang kakayahan ng pisikal na katawan at pakultad na kakanyahan ng tao.
_____ 11. Pangkaisipang kakayahan ng layunin	K. Dito ginagamit na ng kilos-loob ang kanyang kapangyarihan sa katawan at sa mga pakultad meron ang tao upang isagawa ang kilos
_____ 12. Bunga	L. Ang resulta ng ginawang pagpapasya



Karagdagang Gawain


Sa puntong ito, inaasahan na naiintindihan mo ang bawat yugto ng makataong kilos. Sa mga panahon na masinsinan ang ginagawa mong pagpapasiya, alin sa mga yugto ang pinakamatagal na proseso para sa iyo? Bakit?

Batayan ng pagbibigay ng puntos		
3 puntos	2 puntos	1 puntos
Naibigay kung anong yugto ang pinakamatagal na proseso at nabigyan ng sapat na kadahilanan.	Naibigay kung anong yugto ang pinakamatagal na proseso ngunit hindi sapat ang pagpapaliwanag kung bakit ito napili.	Naibigay kung anong yugto ang pinakamatagal na proseso ngunit hindi ipinaliwanag kung bakit ito napili.



Susi sa Pagwawasto

Tuklasin (Gawain 1)



<p>Subukin</p> <p>1. A 2. B 3. A 4. B 5. C 6. D 7. A 8. A 9. C 10. A 11. D 12. B</p>	<p>Pagymamanin (Gawain 2)</p> <p>1. F 2. A 3. B 4. E 5. L 6. K 7. J 8. I 9. I 10. J 11. I 12. I</p>	<p>Isaisip (Gawain 5)</p> <p>1. B 2. 6 3. 10 4. 7 5. 5 6. 2 7. 8 8. 4 9. 9 10. 9 11. 12 12. 12</p>	<p>Tayahin</p> <p>1. D 2. A 3. B 4. F 5. D 6. B 7. A 8. C 9. E 10. H 11. G 12. I 1. K 2. J 3. I 4. H 5. G 6. F 7. E 8. D 9. C 10. B 11. A 12. L</p>
---	--	---	--

Sanggunian:

Brizuela, Mary Jean B, et al. Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasampung Baitang. *Modyul para sa mag-aaral*. Unang Edisyon 2015.

Doyle, Robert O. The Information Philosopher. *Thomas Aquinas*. 2008. Accessed June 27, 2020. <https://www.informationphilosopher.com/solutions/philosophers/aquinas/>

Obstat, Nihil & D.J. McMahan, D.D. Elementary Course of Christian Philosophy, *Chapter II Subjective Principles of Human Action*. The Brothers of the Christian School. 1989. Accessed March 9, 2020. <https://maritain.nd.edu/jmc/etext/cp40.htm>

Polskie Towarzystwo Tomasza z Akwinu. *N.D. A. Act, Human*. Accessed March 9, 2020. <https://www.google.com.ph/url?sa=t&source=web&rct=j&url=http://www.ptta.pl/pef/haslaen/a/acthuman.pdf&ved=2ahUKEwityc3mzaHqAhW8zYsBHfqAAxEQFjAPegQIBRAB&usg=AOvVaw22FQcGdu34g1DKpc4UHcPf>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph